

KAGAWARAN PARA SA UNANG YUGTO NG PAGKABATA
(DEPARTMENT OF EARLY CHILDHOOD)

# Istratehikong Plano 2023–2027

## Buod ng Pagganap

San Francisco Department of
Early Childhood



## LIHAM MULA SA DIREKTOR

Mahigit tatlong taon ang nakakaraan noong unang sinimulan ng Unang 5 ng San Francisco (First 5 SF) at ng Tanggapan para sa Pangangalaga at Edukasyon para sa Unang Yugto ng Pagkabata (OECE) ang magkasamang pagpaplano at pagtuklas ng posibilidad ng mas higit pang pagsasama ng aming gawain sa ngalan ng maliliit na bata at kanilang mga pamilya sa San Francisco, wala kaming ideya sa kung gaano kalaki ang ipagbabago ng aming mundo muna noon hanggang ngayon. Sa mga sumunod na buwan at taon, nasalanta ang mundo ng pandemyang COVID-19, na lumipol sa mga populasyon nito, sumira sa mga ekonomiya, at gumambala sa pag-aaral ng daan-daang milyong bata. Nagkaroon ng pagtutuos sa rasistang nakaraan at kasalukuyan ng Estados Unidos pagkatapos ng pagpatay ng mga pulis kay George Floyd sa Minneapolis. Nasaksihan natin ang wala pang katulad na pag-usbong ng maling impormasyon at ang pinakamalaking hamon sa mga demokratikong institusyon ng bansa simula pa noong Digmaang Sibil. Sinunog ng malalaking apoy sa kagubatan sa buong estado ang ating mga tanawin at pinunan ang ating hangin ng nakalalasong usok.

Sa napakaraming pagkawala, pagkasira, at pagkagambala sa ating buhay sa paligid natin, madaling makakaligtaan na may isang bagay na tunay na espesyal na nangyayari sa mundo ng unang yugto ng pagkabata sa San Francisco. Pagkatapos ng maraming taon ng pulitikal na bakbakan at usapang puro pagpapalagay tungkol sa mas mabuting pagpaplano at koordinasyon sa mga ahensya sa buong lungsod na naglilingkod sa ating mga pinakabatang residente, gumawa kami ng mga kongkretong hakbang upang magkaisa sa mga karaniwang mithiin, na nagresulta sa pagsasanib ng First 5 SF at OECE at ng opisyal na pagbuo ng bagong Kagawaran para sa Unang Yugto ng Pagkabata (DEC). Halos tatlong taon pagkatapos maipasa noong 2018 ang "Baby Prop C" at ang mga sumunod na pagsasampa ng kaso ng mga espesyal na interes na humahamon sa legalidad nito, nagpasya ang Kataas-taasang Hukuman ng California na panig sa Lungsod, mga bata, at mga pamilya, na nagbigay-daan sa daan-daang milyong dolyar na pagpopondo na nagsimula nang baguhin ang sistema para sa unang yugto ng pagkabata sa San Francisco. Ang pinopondohan ng DEC na mga Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya ay napatunayan ang kanilang kahalagahan sa pagresponde sa pandemya sa Lungsod, na naghahatid ng kritikal na suporta at mga serbisyo sa mga pamilya upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan sa mga pinakamapaghamon na panahon. Pinanatiling bukas ng patuloy na pagpopondo ng DEC ang mga programa ng pangangalaga at edukasyon para sa unang yugto ng pagkabata at handang tumulong sa pagbangon mula sa pandemya at ng ekonomiya. Ang mga edukador para sa unang yugto ng pagkabata ay nagsimulang tumanggap ng mga wala pang katulad na pagtaas ng suweldo na sa wakas ay kinilala ang kanilang mga kuwalipikasyon at mahalagang papel sa edukasyon at paglaki ng mga bata, at ang mga pamilya ay nagsimulang makinabang sa pinakamalaking pagpapalawak ng pagiging karapat-dapat para sa libre, mataas na kalidad na edukasyon sa unang yugto ng pagkabata na hindi pa kailanman isinasagawa ng Lungsod, na nagdulot sa amin na mas maabot pa ang mga pamilyang nasa uring manggagawa at panggitna.

Hindi pa kailanman nagkaroon ng ganito kalaking pangako at oportunidad para sa maliliit na bata at kanilang mga pamilya sa San Francisco, ngunit hindi maaaring umasa lamang ang DEC sa mga pinalawak na mapagkukunan upang maisara ang malalaking puwang sa oportunidad at mga kinahihinatnan na kinakaharap ng ating pinakamaliliit na anak. May istratehiya kaming nakipag-ugnayan sa mga magulang at tagapagbigay ng pangangalaga nitong nakaraang dalawang taon, at napag-alaman namin na talagang pinahahalagahan ng mga pamilya at nakikinabang sila sa mga pangunahing istratehiya ng DEC na maagang pag-aaral, lakas ng pamilya, at kalusugan ng bata, bagaman ang kanilang mga karanasan at resulta ay nakatali sa istruktural na rasismo, at ipinahayag ang pangangailangang magkaroon ng mga pagpapabuti sa serbisyo sa pakikipag-ugnayan sa magulang, pagtugon sa kultura, at kadalian ng pag-akses sa impormasyon at mga serbisyo. Samakatuwid, inilalatag ng istratehikong plano na ito ang daan upang hindi lamang mas mahigitan pa ang pag-abot ng aming mga programa at serbisyo, ngunit, lalong mahalaga ang mapalakas ang pagiging epektibo ng mga ito sa pamamagitan ng pagtugon sa mga istratehikong priyoridad na nakatali sa ekidad sa lahi.

Napakalawak ng tungkuling nasa harap namin habang lumalaki ang aming kapasidad na ipatupad ang mga mapaghangad na repormang ito habang pinapagbuti ang mga kahihinatnan para sa mas marami pang mga bata at pamilya. Nagpapasalamat kami sa pagiging bukas-palad ng mga botante ng San Francisco na nagbigay ng mga pinansyal na mapagkukunan at namuhunan sa sama-samang kapangyarihan at pangako ng mga ginawaran at mga katuwang na organisasyon, pumapabor sa amin ang mga pagkakataon. Dumating na ang magagandang bagay, at abot-tanaw na ang mas magaganda pang bagay.



**Ingrid X. Mezquita, Ehekutibong Direktor**
*Kagawaran para sa Unang Yugto ng Pagkabata*

# Buod ng Pagganap

Ginagabayan ng pampasinayang istratehikong plano na ito ang gawain ng bagong tatag na Kagawaran para sa Unang Yugto ng Pagkabata (DEC) ng San Francisco. Inilalarawan ng limang-taong plano ang aming bisyon, misyon, at mga pagpapahalaga; nagtatakda ng mga mapaghangad na mithiin at istratehiya; at nagtatatag ng magkasamang pundasyon para sa pagkilos. Sa pagsasama ng ilang susing oportunidad, ngayon na ang panahon para gumawa ng mga mapangahas na pagbabago para ating maliliit na anak at kanilang mga pamilya.

Sa susunod na limang taon, gamit ang mga wala pang katulad na mapagkukunan at malinaw na layunin, gagawa ang DEC ng isang holistiko, kongkreto, at magtatagal na epekto sa maagang pag-aaral, kalusugan ng bata, at lakas ng pamilya.

Ang katangi-tanging posisyong ito ay nagpapahintulot sa San Francisco na magpatupad ng mga makabagong gawain na makapagbabago sa sistema para sa unang yugto ng pagkabata at magdudulot ng mas mabubuting kahihinatnan para sa ating mga batang mag-aaral ng Lungsod. Maikakatuwiran sa limang-taong plano na ito ang ekidad sa lahi bilang isang naturang pamamaraan, at ipapakita na kapag ginawa ninyong kabahagi ang mga pamilya, makikinabang ang ating mga anak at ang mga taong nangangalaga sa kanila.

Mayroon nang malaking gawaing isinasagawa ng DEC, at bumubuo kami sa deka-dekadang bagong pulitikal na pamumuno at makabagong patakaran at mga gawain, at ang ilan sa mga ito ay binibigyang-diin ang mga serbisyo para sa unang yugto ng pagkabata. Gagamitin ng DEC ang malalaking lokal, pang-estado, at pederal na mapagkukunan sa programa para sa unang yugto ng pagkabata – $380 milyon taun-taon sa pamamagitan ng DEC lamang – upang maglabas ng mga may ekidad na oportunidad sa maagang pag-aaral, palakasin ang mga pamilya at ang ating mga komunidad, at pagbutihin ang kompensasyon at mga gumaganang kalagayan para sa lahat ng taong may malalaking talento na bumubuo sa ating sistema ng pangangalaga para sa unang yugto ng pagkabata.

## BISYON

Ang bawat bata sa San Francisco ay may pinakamabuting simulain sa buhay at ang ating Lungsod ay isang napakagandang lugar para magpalaki ng pamilya.

## MISYON

Pagsama-samahin ang mga suporta sa pamilya, komunidad, at sistema upang magkaroon ng pundasyon sa pangangalaga, kalusugan, at pag-aaral ang lahat ng batang lumalaki sa San Francisco.



## MGA GUMAGABAY NA PAGPAPAHALAGA

Bilang Kagawaran para sa Unang Yugto ng Pagkabata, nakatuon kami sa:

1. **Ekidad sa Lahi:** Inuuna namin ang paggawa ng kongkretong aksyon sa mga komunidad ng Itim, Latino, Katutubo, at Taga-Isla sa Pasipiko upang tugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nagpapatuloy sa kabuuan ng mga results ng pag-unlad sa unang yugto ng pagbata para sa kanilang mga pamilya. Pinananagot namin ang aming mga sarili at ang isa't isa sa masusukat na pagbabago at isinasaalang-alang ang mga epekto sa ekidad sa lahat aking aming sama-samang paggawa ng desisyon.

2. **Unibersal na Akses:** Ang lahat ng pamilya ay dapat magkaroon ng akses sa mataas na kalidad na edukasyon at mga serbisyo upang suportahan ang malusog na paglaki sa unang yugto ng pagkabata.

3. **Kolaborasyon sa Komunidad:** Kapag isinasama natin ang mga magulang, tagapagkaloob, at ginawaran bilang mga katuwang sa paggawa ng desisyon, pinalalawak natin ang naaabot at epekto ng ating gawain para sa hindi mabilang na mga bata at pamilya.

4. **Patuloy na Pag-aaral at Pagbuti:** Upang makuha ang ninanais nating epekto, kailangan nating patuloy at madalas na isama ang mga magulang, tagapagkaloob, at ginawaran sa pagtulong sa aming maunawaan kung ano ang gumagana at kung saan kailangan ang mga pagpapabuti—at gamitin ang aming natutunan upang baguhin at iakma ang aming gawain.

5. **Kalinawan:** Upang bumuo at magpanatili ng mga ugnayang nagtitiwala at produktibo, kami ay bukas, tunay, at malinaw sa aming komunikasyon sa mga magulang, tagapagkaloob, ginawaran, at kawani.

## INTENSYONAL NA PAMAMARAAN

Ang kahandaan sa kindergarten ay ang susing batayang pang-edukasyon na nagreresulta sa patuloy na tagumpay sa mga taon sa hinaharap. Ipinapakita sa deka-dekadang pananaliksik na ang akses sa mataas na kalidad na pangangalaga at edukasyon sa unang yugto ng pagkabata, kalusugan ng bata, paglaki at mga serbisyo ng maagang interbensyon, at suporta sa pamilya at pagiging magulang ay mga kritikal na taga-ambag sa kahandaan ng mga bata sa kindergarten. Nakagawa ang San Francisco ng malalaki at napapanatiling pamumuhunan sa bawat isa sa mga larangang ito. Sa pagdaan ng panahon, nagresulta ang mga pamumuhunan na ito sa:

- 90% ng mga nasa 4-na-taong gulang sa SF na kasali sa preschool
- libu-libong pamilyang nakikipagtulungan sa mga Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya (mga FRC) na nagkakaroon ng mas malaking kumpiyansa sa kanilang mga kakayahan bilang magulang
- mahigit 3,000 batang tumatanggap ng mga pagsisiyasat sa paglaki kada taon

Sa kabila ng malalaking pagsulong na ito sa larangan ng pag-unlad sa unang yugto ng pagkabata, nakikita pa rin namin ang mga kinalabasang naaayon sa lahi pagdating sa kahandaan sa kindergarten. Ang aming proseso ng istratehikong pagpaplano ay idinisenyo upang malaman kung ano ang kailangang gawin sa naiibang paraan upang maisakatuparan ang mga naiibang resulta.

Upang maunawaan at matugunan kung bakit ang mga pamumuhunang nakabatay sa pananaliksik ay hindi nakagawa ng mga resultang inaasahan namin, ginamit namin ang intensyonal na pamamaraan sa istratehikong pagpaplano batay sa dalawang pangunahing prinsipyo:

- Ang istratehiyang nakasentro sa ekidad ay maaari lamang mabuo sa pamamagitan ng pagpaplanong nakasentro sa ekidad
- Alam ng mga magulang at pamilya kung ano ang pinakamakabubuti para sa kanilang mga anak

Habang iniisip ang mga prinsipyong it, idinisenyo namin ang aming proseso ng istratehikong pagpaplano kasama ang mga magulang na pinakaapektado ng istruktural na rasismo, na isinasama sila sa mga malalim at mapapanatiling pag-uusap. Sa pamamagitan lamang ng tunay na pakikinig sa mga magulang na ito tungkol sa kung ano ang ninanais nila para sa kanilang mga anak at pagpapatupad ng kanilang saloobin, ay matutukoy namin ang nawawalang kaugnayan sa pagitan ng mga kasalukuyang pamumuhunan at mga resultang inaasahan naming maisakatuparan.


## TEORYA NG PAGBABAGO

Muli't muli, pinatunayan ng mga magulang na namumuhunan na ang Lungsod sa mga tamang serbisyo. Gayunpaman, nilinaw sa pananaw ng magulang na upang matugunan ang mga resultang ayon sa lahi, kailangan naming isulong ang ekidad sa lahi sa kabuuan ng aming sistema ng pangangalaga sa pamamagitan ng pagpapabuti ng karanasan ng gumagamit, pagkamaaakses, at paghahatid ng lahat ng programa at serbisyo.

Ang istratehikong plano ng DEC ay naka-istruktura nang ayon sa teorya ng pagbabago na nakasentro sa pangunahing natuklasang ito. Nagsisimula ito sa pagkilala sa mga hamon na kinakaharap ng maliliit na bata at kanilang mga pamilya sa San Francisco at inilalarawan ang tatlong "pangunahing istratehiya" ng DEC sa paglutas sa mga hamon na ito na saklaw ang maagang pag-aaral, kalusugan ng bata, at lakas ng pamilya. Alinsunod sa opinyon ng magulang, ipagpapatuloy namin ang pagbuo at pagpapalawak ng mga pangunahing istratehiyang ito habang ipinapatupad din ang mga pagpapabuti na partikular sa may ekidad na akses at mga karanasan—na tinatawag naming "Mga Istratehikong Priyoridad." Ang mga kritikal na Istratehikong Priyoridad na ito ay:

1. Palakasin ang boses at impluwensya ng magulang sa paghubog sa mga patakaran at programa.

## TEORYA NG PAGBABAGO




2. Dagdagan ang pagtugon na naaayon sa kultura sa lahat ng serbisyo sa pag-unlad sa unang yugto ng pagkabata.
3. Paigtingin ang kalinawan sa mga komunikasyon at bukas na akses sa impormasyon at mga serbisyo.

Kung matagumpay ang DEC at ang mga ginawaran nito sa pagpapatupad ng mga planong ito, inaasahan naming makita ang mga pagpapabuting ito sa kahandaan ng mga bata sa kindergarten, kalusugan at pag-akses ng mga bata sa may kalidad na pangangalagang pangkalusugan, at pakiramdam ng pagiging epektibo ng mga magulang – at na ang lahi ay hindi na makakaimpluwensya sa mga kritikal na resultang ito.

## PANAWAGANG KUMILOS

Sa enerhiya, pangako, at malakas na damdamin ng buong network ng pangangalaga na nagtutulungan para sa pag-unlad sa unang yugto ng pagkabata, maisasakatuparan namin ang aming bisyon ng San Francisco kung saan ang bawat bata ay may pinakamabuting simulain sa buhay at ang ating Lungsod ay isang napakagandang lugar para magpalaki ng pamilya. Sa susunod na limang taon, mahalaga sa DEC ang isulong ang ekidad sa lahi, sirain ang mga kahihinatnan para sa bata na nakaayon sa lahi, at lumikha ng mas malaking magkakasamang pananagutan. Titiyakin namin na ang lahat pamilya ay may akses sa impormasyon at mga serbisyong tumutugon sa kultura at wika sa pamamagitan ng pagsasama sa mga magulang at komunidad bilang mga katuwang at lider, sama-samang pakikipagtulungan upang gawin ang ating Lungsod na isang lugar kung saan hindi lahi ang pagpapasya sa mga kahihinatnan sa unang yugto ng pagkabata.

San Francisco Department of
Early Childhood

MIG